



WIKANG FILIPINO: UGAT NG ATING PAGKAKAKILANLAN

nina:

**DONNABEL B. BIHASA
ELEANOR II C. GUANLAO**

I

Sa bawat titik ng wikang sinasambit,
Kasaysayan nati'y buhay at di maiwawaglit.

Sa labi ng bata, sa puso ng matanda,
Wikang Filipino'y sagisag ng bansa.

II

Ito'y di lamang salita ng bayan,
Kundi ilaw sa landas ng ating isipan.
Sa kwento, sa awit, sa tula't dula,
Kultura'y naipapasa, buhay at ganda.

III

May himig ng bundok, dagat at bukid,
Ang wika'y halina sa bawat paligid.
Sa saliw ng tanaga, bugtong at balagtasán,
Tradisyón at dangal ay pinagyayaman.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



IV

Sa gitna ng pagbabago't teknolohiya,
Wikang sarili'y `wag iwaglit sana.
Ito ang tulay ng pagkakaintindihan,
At kalasag ng lahing may dangal at yaman.

V

Di lamang ito gamit sa araw-araw,
Kundi salamin ng damdamin at galaw.
Sa bawat kataga, may diwang malaya,
Kaluluwa ng lahi, sa wika'y nadarama.

VI

Kayamanang di matutumbasan ng ginto,
Ang wikang atin—dapat ipagpasalamat ito.
Pagkat sa bawat bigkas ng "Mabuhay, bayan ko,"
Wikang Filipino'y pusong Pilipino.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
